# Mga Pang-bahay Na Trabahador

2012

Kung ikaw ay magha-hire ng taong magta-trabaho sa iyong bahay, tulad ng taong taga-linis, taga-luto, hardinero/a o tagapag-alaga ng bata, kailangang malaman mo at ng taong mamamasukan sa iyo ang tungkol sa pagba-bayad ng mga buwis ng Social Security at Medicare.

Ang iyong empleyadong pang-bahay ay baka maaaring maka-tanggap ng Social Security at Medicare balang araw—kung ibinabawas mo sa kanyang sahod ang mga buwis ng Social Security at Medicare, ibinabayad ang mga buwis na ito sa Internal Revenue Service (IRS) at ipinagbi-bigay alam ang mga sinahod sa Social Security Administration.

Kung ipinag-bigay alam mo ang sinahod na ito at ikaw ay nag-bayad ng buwis, ang iyong empleyado ay makaka-tanggap ng credit patungo sa benepisyo ng Social Security at coverage sa Medicare. Kabilang nito ang benepisyo sa pagre-retiro (sa pinaka-mababang edad na animnaput dalawang taong gulang 62) at mga benepisyo para sa mangga-gawang magka-karoon ng kapansanan at sa kanyang mga dependents. Kabilang na rin dito and mga benepisyo para sa mga maiiwanang dependents kung saka-sakali mang bawian ng buhay ang trabahador.

## Anong mga sahod ang kailangang ipagbigay-alam?

Kung binayaran mo ang isang pang-bahay na trabahador ng $1,800 o mahigit pa sa kinitang cash sa loob ng 2012, kailangan mong bawasin ang mga buwis ng Social Security at Medicare at ipagbigay-alam ang mga sinahod minsan sa isang taon. Kabilang dito ang pagbibigay-alam ng anumang cash na ibinayad mo para sa mga transportasyon, pagkain o pabahay sa empleyado. Kung hindi mo ipagbibigay-alam sa takdang oras ang mga kitang ito, pagba-bayarin ka ng multa karagdagan sa mga atrasadong buwis.

## Lahat ba ng pang-bahay na trabahador ay covered?

Kung binayaran mo ang isang pang-bahay na trabahador ng $1,800 o mahigit pa sa kinitang cash sa loob ng taon, ang kinitang ito ay saklaw ng Social Security. Ganoon pa man, may pangkaraniwang batas ang naaangkop sa mga sumusunod na kalagayan.

Kung ikaw ay namamahala ng otel, rooming house o boarding house, kina-kailangang ipagbigay-alam mo ang lahat ng mga sahod na ibinabayad mo sa iyong mga empleado, kahit na ang mga ito ay menos sa $1,800 sa isang taon.

Hindi ka na kailangang mag-bayad pa ng buwis ng Social Security para sa mga trabahador na pang-bahay (tulad ng mga tagapag-alaga ng bata) na wala pang labing walong taong gulang, maliban kung ang pagta-trabaho sa iyong bahay ay ang kanyang pangunahing katungkulan.

Kung nag-hire ka sa sino man sa iyong mga anak na dalawamput isang taong gulang , o mas may edad na para gampanan ang pang-bahay na trabaho para sa iyo, kinakailangan mong mag-bayad ng buwis sa Social Security ng kanilang mga sinahod. Ang mga pang-bahay na trabaho na ginagampanan naman ng iyong magulang sa iyong bahay ay baka kailanganing bayaran ang buwis sa mga napipihong kalagayan.

Makipag-alam sa saan mang tanggapan ng Social Security para sa karagdagang impormasyon.

## Paano ang mag-ulat ng wages

Makipag-alam sa IRS tungkol sa mga ka-kailanganin sa pag-uulat o papeles. Ang kanilang mga empleado duon ay sasabihin sa iyo kung papaano kumpletohin ang mga papeles at kailan at saan isalansan ang mga ito. Ngunit narito ang ibang mga bagay na baka gusto mong malaman.

Maari mo ring tingnan ang Publikasyon 926 ng IRS para sa *Household Employer's Tax Guide*, ***www.irs.gov/publications/p926/index.html*** para sa karagdagang impormasyon kung anong papeles ang ka-kailanganin mo para mag-file at kailan. Pero heto muna ang ilang paraang dapat mong malaman

**Pagta-tago ng mga talaan—**Para sa mga layunin ng Social Security, ka-kailangananin mo ang mga pangalan, mga direksyon at mga numero ng Social Security ng lahat ng iyong mga trabahador na pang-bahay at kung magkano ang mga ipina-suweldo mo sa kanila. Kopyahin ng direkta ang numero ng Social Security ng bawat tauhan mo sa mismong tarheta ng Social Security. Kung ang isa sa iyong mga empleado ay walang tarheta, dapat siyang mag-apply para makakuha ng numero, itoy magagawa kahit sa saan mang tanggapan ng Social Security.

**Mga pag-aawas sa Social Security at buwis sa Medicare—**Ang 2012 Social Security tax rate o ang halaga ng buwis para mga empleyado ay 4.2 porsiyento sa mga sahod na hanggang $110,000. Ang 2012 Social Security tax rate o ang halaga ng buwis para sa mga employer ay 6.2 porsiyento sa mga sahod na hanggang

(kabila)

$110,000. Ang halaga ng buwis sa Medicare ay 1.45 porsiyento sa lahat ng mga sahod para mga empleyado at mga employer.

**Ang pagpa-salansan ng iyong ulat—**Gamitin ang sarili mong Federal income tax return (IRS form 1040) upang mag-ulat ng mga sahod na $1,800 o mahigit pa na ibinayad mo sa pang-bahay mong trabahador. Bilang empleador, babayaran mo ang bahagi ng mga buwis ng Social Security at Medicare, kabilang sa mga buwis na binawas mo sa mga sahod ng mga empleado, kapag sumalansan ka ng iyong ulat ng buwis.

**Ang pagsa-submit ng W-2 pagka-tapos ng taon—** Kailangan mo ring bigyan ang iyong pang-bahay na trabahador ng mga kopyang B, C at 2 ng IRS form W-2 (*Wage and Tax Statement—Ulat ng Sahod at Buwis*) bago ang Enero 31 pagkalipas ng taong mabayaran ang mga sahod. Ipadala ang kopyang A sa Social Security Administration bago ang huling araw ng Pebrero. Makukuha mo ang mga papeles na ito at ang mga tagu-bilin para sa pag-kumpleto ng mga ito sa paki-kipag alam sa saan mang tanggapan ng IRS o kung mayroon kang personal computer na may access sa Internet at may printer, maari mong gamitin ang Online W-2. Ang W-2 Online ay libreng electronic filing ng Social Security para sa karapatan ng empleador. Sa W-2 Online, maari mong ma-access ang electronic form W-2, kumpletohin ang papeles at i-bigay ito sa Social Security sa paraan ng Internet. Ang serbisyong ito ay ko-kompletohin rin ang W-3 (transmittal) para sa iyo. Maari ka ring mag-print ng mga ka-kailanganing kopya para sa iyong mga trabahador upang mag-salansan ng kanilang buwis at mga kopya rin para sa iyong talaan.

Sa simula, kailangan mong mag-rehistro para sa User ID at password na magagawa mo sa alinmang Business Services Online website: ***www.socialsecurity.gov/bso/bsowelcome.htm***. Para sa karagdagang impormasyon, kasama na rito ang step-by-step na instructions, pumunta ka sa ***www.socialsecurity.gov/employer/bsohbnew.htm***.

## Kung pa-paano makaka-tanggap ng credit para sa Social Security ang iyong pang-bahay na trabahador

Medyo may pagkaka-iba sa ibang uri ng trabaho ang pag-bibigay ng credit sa pang-bahay na trabaho. Karaniwan, ang isang tao ay kumikita ng isang credit para sa bawat $1,130 sa mai-uulat na sahod (sa 2012), hanggang sa pinakamataas apat na credit para sa isang taon. Ngunit ang pang-bahay na trabahador ay kikita ng Social Security credit kung siya ay may mahigit kumulang na kitang $1,800 mula sa kahit na sinong pinagtatrabahuan. Halimbawa , ang isang pang-bahay na trabahador na nag-trabaho sa tatlong pinagtatrabahuan at sumahod ng $900, $1,000 at $1,800 respectively (kabuuang $3,700) ay makaka-tanggap lang ng isang Social Security credit sa $1,800 na posted sa kanyang talaan sa Social Security.

Kung gaano karami ang credits na kailangan ng mga mangga-gawa (kabilang ang mga pang-bahay na trabahador) para maka-tanggap ng Social Security ay depende sa kanilang edad at sa kung ano pang uri ng benepisyo ang puwede nilang ma-tanggap. Ang karamihan sa mga tao ay kailangan ng mga sampung taong pagta-trabaho (40 credits) para maka-tanggap ng mga benepisyo. Mas kaunting credit ang kailangan ng mga nakababata para maka-tanggap ng mga benepisyong para sa pagka-karoon ng kapansanan o para maka-tanggap ng mga benepisyo ang mga miyembro ng kanyang pamilya kung saka sakali't bawian siya ng kanyang hiram na buhay.

Tandaan mo, na kung hindi mo ipagbibigay-alam ang mga sinahod ng iyong empleyado, maaaring hindi maging sapat ang kanyang mga credits para maka-tanggap siya ng mga benepisyo ng Social Security, o baka mas kaunti ang halaga ng benepisyong matatanggap niya.

## Pagtawag sa Social Security

Para sa karagdagang impormasyon at upang makahanap ng mga kopya ng aming mga inilimbag na lathalain, bumisita sa aming website sa ***www.socialsecurity.gov*** o tumawag ng libre, sa **1-800-772-1213** (para sa mga bingi o may kahirapan sa pandinig, tumawag sa aming TTY na numero, sa **1-800-325-0778**). Tinuturing namin ang lahat ng mga tawag na kumpidensyal. Kung ikaw ay nagsasalita ng Kastila, pindutin ang 2. Para sa lahat ng ibang mga wika, pindutin ang 1, manatili sa linya at manahimik habang nagsasalita ang aming awtomatikong hudyat sa boses Ingles, hanggang mayroong isang kinatawan na sumagot. Ang kinatawan ay tatawag sa isang tagasalin-wika upang tulungan ka sa iyong tawag. Ang serbisyo para sa tagasalin-wika ay libre. Maaari naming sagutin ang mga partikular na katanungan mula alas-7 ng umaga hanggang alas-7 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. Maaari kaming magbigay ng impormasyon sa Ingles sa pamamagitan ng awtomatikong serbisyong telepono 24-oras sa isang araw.

Nais din naming siguraduhin na maka-tatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.



**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-10021-TL
Household Workers (Tagalog)
February 2012